**I.NILALAMAN**

May iba't ibang kasangkapang kailangan sa paggawa ng mga bagay na yari sa kamay. Sa paggawa ng proyekto maging ito ay yari sa kahoy,kawayan,at metal,kailangan ang angkop na kasangkapan sa bawat uri ng gawin. Magiging maginhawa at kasiya-siya ang paggawa ng proyekto kung wasto at maayos ang paggamit ng mga kasangkapan at kagamitan.

**II.LAYUNIN**

A.Natutukoy ang mga uri ng kagamitan at kasangkapan sa gawaing kahoy,kawayan,metal at iba pa.

B.Natatalakay ang mga gamit ng mga kagamitan at kasangkapan sa gawaing kahoy,kawayan,metal at iba pa.

**III.PAKSANG ARALIN**

A.Paksa: Mga Kagamitan at Kasangkapan sa Paggawa

B.Sanggunian: K to 12 EPP5IA-Ob-2

C.Kagamitan: tsart: realia ,larawan

Blg. ng araw 2

**IV.PANIMULANG PAGTATASA**

Ipasagot sa bata ang sumusunod na tanong.

Anu-anong mga bagay ang alm nyo ang yari sa kahoy?kawayan?metal?

**V.PAMAMARAAN**

A.Pagganyak:

1.Pagpapakita ng isang tool box at mga laman nito.

2.Ano ang mga ito?

B.PAGLALAHAD:

1.Ipakita ang iba't ibang kagamitan at kasangkapan sa paggawa at ipakita ang wastong paggamit ng bawat isa.

2.Pagpangkat-pangkatin ng ma bata ang mga kasangkapang ginagamit sa kahoy,kawayan at metal.

C.PAGPAPALALIM NG KAALAMAN:

Gumawa ng tsart ng mga kasangkapan sa paggawa ayon sa gamit.Tignan sa LM Gawain A at B.

D.PAGLALAHAT:

Ipabasa sa mga bata ang Tandaan Natin sa LM

**VI.PATATAYA**

Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Isulat ang titik ng tamang sagot.

| A. | B. |
|---|---|
| ______1,iskwala | a.pambaon ng pako |
| ______2.martilyo | b.pang-ipit sa mabibigat na bagay |
| ______3.barena | c.pamputol sa paayon sa hilatsa ng kaoy |
| ______4.brace | d.ginagamit sa maliliit na butas |
| ______5.gato | e.ginagamit sa malalaking butas |
| ______6.ripsaw | f.pamputol ng pakurba sa proyektong yari sa kahoy |
| ______7.coping saw | g.pampahigpit o pampaluwag ng tornilyo |
| ______8.katam | h.pampakinis ng ibabaw ng kahoy |
| ______9.oil stone | i.panukat ng mga kasangkapan |
| ______10.diturnilyador | j.panghasa ng mga kasangkapan |

k.pampaluwag o pampahigpit ng mga gripo

**VII.PANGWAKAS NA PAGTATASA**

Anu-ano ang iba't ibang uri ng kasangkapan at kagamitan sa paggawa ng mga gawaing pangkamay.

**VIII.PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

Tignan sa LM Pag yamanin Natin.

**I.NILALAMAN**

Tatalakayin sa araling ito ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa upang magabayan ang mga mag-aaral ng mga dapat isaalang-alang upang maging ligtas sa anumang sakuna sa oras ng paggawa.

**II.LAYUNIN**

1.Nasusunod ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa.

2.Nabibigyan halaga ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa.

**III.PAKSANG ARALIN**

**Paksa**: Mga Panuntunang Pangkalusugan at Pangkaligtasan sa Paggawa

**Sanggunian:** K to 12 EPP5IA-Ob-2

**Kagamitan:** tsart , mga larawan

Blg. ng araw 2

**IV.PANIMULANG PAGTATASA**

Ipasabi sa mga bata kung ano ang kanilang ginagawa upang maging ligtas sa anumang sakuna habang gumagawa..

## V.PAMAMARAAN

### A. PAGGANYAK:

Pagpapakita ng mga larawan ng mga kagamitang matatalas ang talim na maaaring maging sanhi ng sakuna.

Pagtatanong sa mga bata kung paano nila pangangalagaan ang sarili sa paggamit ng mga nakitang larawan o tunay na kagamitan.

### B. PAGLALAHAD:

1.Talakayin ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasang gawi sa Linangin Natin letrang A ng LM.

2.Pagbibigay bahagi ng kanilang mga kuro-kuro at karanasan.

### C. PAGPAPALALIM NG KAALAMAN

1.Pagpunta sa EPP shop-ayusin ang mga kasangkapang pang –industriya ayon sa panuntunang pangkaligtasan.

2.Ipagawa sa mg bata ang Linangin Natin sa letrang B ng LM

### D. PAGSASANIB:

Pangkatang gawain.Ipasulat sa bawat grupo ang mga hanapbuhay sa kanilang pamayanan at ang mga panuntunang pangkaligtasang gawi kaugnay ng mga nasabing hanapbuhay.(Pagsasanib sa AP)

### E. PAGLALAHAT:

Sa pagsasaalang-alang sa mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan,maiiwasan ang mga sakunang maaaring mangyari sa mga batang mag-aaral

## VI . PAGTATAYA

Tignan sa LM Gawin Natin.

**VII. PANGWAKAS NA PAGTATASA:**

Anu- ano ang mga panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan ang dapat tandaan habang gumagawa?

**VIII. PAGPAPAYAMAN NG GAWAIN**

Pangkatang Gawain.Gumwa ng skit na nagpapakita ng panuntunang pangkalusugan at pangkaligtasan sa paggawa.

**KARADAGANG SANGGUNIAN:**

Makabuluhang Gawaing Pantahanan at Pangkabuhayan ph-194,196,197